Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION II – CAGAYAN VALLEY
SCHOOLS DIVISION OF NUEVA VIZCAYA

11 Mayo 2026

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
Blg. 196, s. 2026

**PALIHAN NG MGA GURO SA SEKUNDARYA TUNGO SA PAGPAPAHUSAY SA KAKAYAHAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA PAMAMAGITAN NG PEDAGOHIYA NG WIKA, PAGPAPAHALAGA SA PANITIKAN, AT PAGSASAMA NG MGA KASANAYAN SA IKA-21 SIGLO**

**Sa Mga**: Pangalawang Tagapamanihala ng Sangay ng mga Paaralan
Hepe, Kurikulum
Tagamasid Pansangay / Pampurok
Pampublikong Punong-guro ng Paaralang Elementarya at Sekundarya
Ulong-guro/ Dalubguro/Susing-guro/ Guro ng Elementarya at Sekundarya
At sa Lahat ng Iba Pang Kinauukulan

1. Ang tanggapang ito ay magsasagawa ng Pandibisyong Palihan ng mga Guro sa Sekundarya Tungo sa Pagpapahusay sa Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Pamamagitan ng Pedagohiya ng Wika, Pagpapahalaga sa Panitikan, at Pagsasama ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo, sa ika- 25- 27 ng Mayo, 2026, sa SDO Conference Hall, Bayombong, Nueva Vizcaya.

2. Layunin ng pagpupulong at pagsasanay na ito na;

a. Matukoy at maipaliwanag ang mahahalagang konsepto at prinsipyo ng pagtuturo ng wika sa konteksto ng makabagong edukasyon.

b. Masuri ang iba't ibang lapit at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na angkop sa sekondaryang antas.

c. Mailapat ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng wika na nakatuon sa paglinang ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral.

d. Makapagdisenyo ng mga makabuluhan at kontekstuwalisadong gawain sa pagtuturo ng wika na naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

e. Makabuo ng isang lesson plan o learning activity na nagpapakita ng integrasyon ng mabisang estratehiya sa pagtuturo ng wika sa sekondarya.

f. Makapagbahagi ng mga karanasan, hamon, at pinakamahusay na gawi (best practices) sa pagtuturo ng Filipino.

3. Ang mga dadalo sa palihan ay ang mga walumpung (80) napiling guro sa sekundarya mula sa lahat ng distrito ng Nueva Vizcaya.

4. Ang mga trasportasyon at iba pang mga gastusin ng mga kalahok ay manggagaling sa MOOE ng paaralan/pondong local habang ang gastusin para sa lugar na pagdarausan, pagkain at honorarium ng naimbitahanhg tagapagsalita ay manggagaling sa HRTD Funds ng Filipino na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Sa lahat ng mga empleyado ng paaralan at SDO na nagbigay serbisyo sa araw ng palihan sa Mayo 28-30 (naatasan pa ring opisyal na bakasyon ng mga guro) ay gagawaran ng tatlong araw na *Service Credits* ayon sa DO 53 s.2003 para sa mga guro; at CSC-DBM Joint Circular No 2, 2002 on Non-Monetary Remuneration for Overtime Service Record para naman sa mga non-teaching alinsunod sa mga kailangang dokumento.

6. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap nito

**ORLANDO E. MANUEL PhD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
Date: 11 MAY 2026
Time: 1:30
By: leslie
DIVISION OF NUEVA VIZCAYA